## Kailangan kong kumuha ng sertipikasyon ng kriminal rekord para sa Japan, saan po ako mag-aaplay? Ano po ang kailangan sa pag-aplay?

Maaari kayong mag-aplay para sa sertipikasyon ng kriminal rekord nang libre sa Identification Division ng Prefectural Police Main Headquarters o Regional Police Headquarters kung saan sakop ang inyong rehistradong adres. Mga Oras ng pagtanggap Lunes hanggang Biyernes mula 8:45 a.m. hanggang 5:00 p.m.

Ang mga dokumentong kailangan sa pag-aplay ay ang mga suusunod:

- May balidong pasaporte
- Pagkakakilanlan (isa sa mga sumusunod): Residence Card, Lisensya sa pagmamaneho, Sertipikasyon ng paninirahan(mga 6 na buwan mula ng tanggapin), atbp.
- Mga opisyal na dokumento patunay sa pangangailangan ng sertipikasyon (ibinigay ng pampublikong institusyon kung saan ito nakapailalim)

Batay sa impormasyon mula sa Hokkaido Police website

## Mga puntos na dapat tandaan

- Kukuhanan ng mga tatak daliri sa oras ng pag-aaplay, kaya ang aplikante ay kailangan pumunta ng personal sa punong himpilan ng pulisya upang kumpletohin ang patakaran. Hindi tinatanggap ang pag-aplay gamit ang kinatawan.
- Depende sa Bansa kung saan isusumite ang sertipikasyon, ang madaliang pagpapalabas ay hindi posible. Maaaring kailangang dumaan sa Kagawaran ng Ugnayang Panlabas o Ministry of Foreign Affairs, kaya siguruhing tumawag sa punong himpilan ng pulisya ng maaga para makumpirma ito.
- Ang pagreserba ay hindi kailangan, gayun pa man, kung nais ninyo ng tagasalin, dapat ninyong ipaalam sa himpilan ng pulisya nang maaga ang petsa at oras ng inyong planong pagpunta sa kanila.
- Ang sertipikasyon ay ipapalabas mga Sampung araw matapos mag-aplay, kaya siguruhin na mag-aplay ng mabuti at maaga.
- Ang sertipikasyon ay maaaring matanggap ng personal o kaya ang isang awtorisadong kinatawan. Mangyaring tandaan na ang sertipikasyon ay hindi maaaring ipadala sa koreo.
- Depende sa bansa kung saan ang sertipikasyon ay isusumite, maaaring kailanganin ang official seal authentication at apostille mula sa Kagawaran ng Ugnayang Panlabas o Ministry of Foreign Affairs. Para sa mas maraming impormasyon, mangyaring i-tsek ang Ministry of Foreign Affairs website.
- Kung kayo ay naninirahan sa ibang bansa, maaari kayong mag-aplay sa inyong lokal na Japanese embassy o Konsulado. Gugugol ng mga tatlong buwan mula sa pag-aplay hanggang mailabas.



Mangyaring kumontak sa aming center kung may katanungan o kailangan ng tagasalin!

Hokkaido Main and Regional Police Headquarters' Websites

Official Seal Authentication/Apostille Ministry of Foreign Affairs